REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 88-08

KAPASIYAHAN NA NAGKAROON NG "RULES OF PROCEDURE" ANG SANGGUNIANG BAYAN UPANG MAGING GABAY SA KANILANG MGA TANGI O REGULAR NA PAGPUPULONG SA PAGBABATAS.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, kinakailangan ang mga alituntunin o patakaran sa pagpupulong upang maging maayos at may dekorum ang pagsasagawa nito;

SAPAGKAT, ang pagbabatas ay kinakailangan ng mahabang pag-aaral at mga pagtatalo bago mapagtibay ito at dahil dito ay nangangailangan ng mga tuntunin sa pagsasagawa nito upang maiwasan ang mga sigalutan at maging maayos ang kalakaran nito sa pagpupulong ng Sanggunian;

SAPAGKAT, magiging magulo at walang tiyak na patutunguhan ang pagpupulong ng Sanggunian kung walang wastong pamamaraan sa pagganap nito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magkaroon ng "Rules of Procedure" ang Sangguniang Bayan upang maging gabay sa kanilang mga tangi o regular na pagpupulong sa pagbabatas.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pangpitong (7th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika21 ng Marso 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

KGG.IGNACIO R. BUNYE
Puneng Bayan/Pangulong
Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Pansamantalang Kalihim
Bayan

PINAGTIBAY : Marso 21, 1988

RRC:vts